



**ESTADO NG ILLINOIS
KOMISYON SA KARAPATANG PANTAO
SEKSYON NG BATAS ADMINISTRATIBO**

**CHECKLIST PARA SA MGA KUMPERENSYA SA HUDISYAL
NA PAG-AREGLO**

- Ang mga partido ay nagsumite ng pinagsamang kahilingan para sa isang kumperensya sa hudisyal na pag-areglo sa itinalagang hukom ng batas administratibo (o “ALJ”).
- Ang mga partido ay nakipagtulungan sa ALJ na itinalaga upang magsagawa ng kumperensya sa hudisyal na pag-areglo (tinukoy bilang “Settling ALJ”) upang itakda ang kumperensya sa hudisyal na pag-areglo.
- Hindi bababa sa labing-apat (14) na araw bago ang kumperensya sa hudisyal na pag-areglo, ang Nagrereklamo ay nagbigay ng maikling “liham ng kahilingan sa pag-areglo” sa Inirereklamo. Ang “liham ng kahilingan sa pag-areglo” ay naglalarawan sa pananaw ng Nagrereklamo tungkol sa kaso at mayroong isang makatotohanang “kahilingan” para sa kabuuang halaga ng pera na tatanggapin ng Nagrereklamo para ayusin ang kaso. Ang “kahilingan” ng Nagrereklamo ay mas mababa kaysa sa kabuuang halaga na inaasahan o hinahangad ng Nagrereklamo na mapanalunan sa paglilitis.
- Hindi bababa sa pitong (7) araw bago ang kumperensya sa hudisyal na pag-areglo, ang Inirereklamo ay nagbigay ng maikling “liham ng pagtugon” sa Nagrereklamo. Ang “liham ng pagtugon” ay naglalarawan sa pananaw ng Inirereklamo tungkol sa kaso at naglalaman ng makatotohanang counteroffer sa kahilingan ng Nagrereklamo. Ang counteroffer ng Inirereklamo ay higit sa zero (o iba pang *de minimis* na halaga).
- Hindi bababa sa pitong (7) araw bago ang kumperensya sa hudisyal na pag-areglo, ang mga partido ay nagbigay ng mga kopya ng kani-kanilang mga liham ng pag-areglo sa Settling ALJ. Ang mga liham na ito ay hindi dapat ihain sa Komisyon sa Karapatang Pantao.
- Sinuri ng bawat partido ang liham ng pag-areglo ng kalabang partido at inihanda ang sarili upang talakayin ang kaso sa kumperensya sa hudisyal na pag-areglo.
- Ang bawat partido ay nagsaayos na magkaroon ng isang indibidwal na may “buong awtoridad sa pag-areglo” na dumalo sa kumperensya sa hudisyal na pag-areglo. Ang ibig sabihin ng “buong awtoridad sa pag-areglo” ay ang awtoridad na makipag-ayos at sumang-ayon sa isang pinal at may-bisang kasunduan sa pag-areglo nang hindi kinakailangang kumunsulta sa iba na hindi dumalo sa kumperensya sa pag-areglo.
- Ang bawat partido ay handa na magpatuloy sa kumperensya sa hudisyal na pag-areglo sa petsang pinili ng mga partido at ng Settling ALJ. Kung hindi—o kung ang isang partido ay umaasa o nakakaranas ng isang salungatan na hahadlang sa partido mula sa pagdalo sa kumperensya sa hudisyal na pag-areglo—dinala ng partidong iyon ang salungatan sa atensyon ng Settling ALJ sa pinakamaagang posibleng pagkakataon.